The City of Seattle
Gregory J. Nickels, Mayor

Mga Batas/Patakaran para Pampublikong Paggamit ng Kompyuter

Nagbibigay ang City of Seattle ng paggamit ng publiko sa mga kompiyuter upang matiyak na ang lahat ng mga residente ay may karapatang gumamit sa mga serbisyo ng gobyerno at iba pang mga mahahalagang mga pagkukuhanan ng impormasyon, upang mag-aya ng pangbayan na pakikilahok at upang dumami ang karunungan ukol sa teknolohiya.

Tulungan kaming ipagpatuloy na magbigay ng pakinabang nito sa publiko sa pamamagitan ng pagsunod sa mga patakarang ito at anyayain ang iba pa na gawin din ito.

1. NAIINTINDIHAN KO ANG MGA PATAKARAN: Pananagutan mo ang pagbasa at pag-intindi sa mga patakarang ito. Kung hindi mo naiintindihan ang mga ito, tanungin ang tauhan sa opisina upang tulungan ka. Maari mong tawagan ang Department of Information Technology sa 684-0600 o mag-email sa publiccomputers@seattle.gov. Tutulungan ka namin sa iyong sariling wika na may tagapagsalin ng wika sa iyong paghiling.

2. ANG MGA PATAKARAN NG GUSALI AY IPINAPA-IRAL DIN: Ang Rules of Conduct (Mga Patakaran ukol sa Asal) para sa mga gusali ng siyudad ay ipinapa-iral din sa paggagamit sa mga kompyuter. Ang tauhan ng siyudad ay maisasakatuparan ang mga patakarang ito.

3. PAGPASOK (SIGN IN) SA KOMPIYUTER: Dapat kang mag- "log-on" sa kompiyuter at mag-"log-off" sa kompiyuter kapag natapos. Ito ay para sa iyong proteksiyon. Tutulungan itong linisin ang ano mang personal na impormasyon na maaring natago sa kompiyuter habang gumagamit ng email o bumibisita sa mga web sites.

4. MAY MGA LIMITASYON SA ORAS: Mayroong limitasyon ng oras kung gaano mo katagal na magagamit ang kompiyuter. Pagkatapos ng iyong sesyon, dapat mong ipagamit ang kompiyuter sa susunod na taong nasa linya na naghihintay. Maaring bigyan ng priyoridad ang mga tao na gagamit ng mga kompiyuter upang humanap ng impormasyong gobyerno, gumawa ng mga aktibidad na may kaugnayan sa trabaho, kumuha ng impormasyon sa mga serbisyong pambayan at sa kalusugan o kung ginagamit nila ang mga ito para sa edukasyon at pakikilahok sa pangbayan na mga layunin.

5. MAYROONG PANSALA ANG KOMPIYUTER: Maraming mga tao ang gumagamit sa gusaling ito, kasama ang mga bata. Ang mga kompiyuter ay may pansala upang matulungang matiyak ang maligtas na kapaligiran. Maaring limitahan nito ang kung anong mga laman sa internet ang maaring magamit. Ang mas marami pang impormasyon ukol dito ay makikita sa www.seattle.gov/tech/public.htm.

6. PANATILIING MALINIS ANG LUGAR: Dapat mong panatiliing malinis ang lugar. Ang pagkain, inumin o kendi ay hindi pinapayagan sa lugar ng mga kompiyuter.

7. HUWAG TANGKAING MALAGAY NG SOFTWARE O PALITAN ANG KOMPIYUTER: Hindi ka pinapayagan na palitan ang ayos (configuration) ng kompiyuter. Huwag magdownload ng software o maglagay ng mga bagong programa sa kompiyuter. Kung sa palagay mo na dapat ilagay ang isang programa sa kompiyuter, pakikontak ang tauhan o communitytechnology@seattle.gov

8. HUWAG GAGAMITIN ANG KUMPIYUTER NA ITO UPANG MANAKIT NG IBA: Hindi magagamit ang mga kompiyuter na ito sa panliligalig o pagbabanta sa iba, magpadala ng spam, magkalat ng mga nakakasirang materyales, o magsagawa ng labag sa batas na mga aktibidad.

9. HINDI KAMI NAGGAGARANTIYA: Hindi magagarantiyahan ng siyudad na ang mga kompiyuter o serbisyong internet ay palaging gumagana. Ang paggamit ng pampublikong mga kompiyuter at paggamit sa Internet ay nasa iyong sariling pakikipagsapalaran. Hindi pananagutan ng siyudad ang pagkawala ng impormasyon o iba pang mga pagkasira na maaring mangyari, gaya ng pagkasira ng disk.

10. ANG PAKIKIPAGSAPALARAN SA INTERNET AY NASA SA IYO: Ang mga kompiyuter na ito ay nagbibigay ng paggamit sa Internet. Hindi pananagutan ng siyudad ang para sa laman ng Internet.

11. MAARING MAWALAN KA NG MGA PRIBILEHIYO KUNG LALABAG KA SA MGA PATAKARANG ITO: Kung lalabag ka sa mga patakaran, maaring kailangan sa iyong ihintong gamitin ang mga kompiyuter o maaring pilitin kang umalis sa lugar ng kompiyuter o gusali. Ang iba pang bunga nito ay maaring ang aksiyong legal na nababagay.